Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-24 NG HULYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 182-T'2002

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. JOKER ARROYO, SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAPAGAWA NG FARM-TO-MARKET ROAD SA MGA BARANGAY BUBUKAL, LABUIN AT SAN JUAN NA SAKOP NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, malapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiayos ang mga pagawaing makatutulong sa pagpapaunlad ng pananakahan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T*, malaking bahagi ng lupang sakop ng bayang ito ay lupang pansakahan;

*SAPAGKA'T*, kulang sa mga daan patungo sa pamilihan upang hakutin at dalhin ang mga kalakal o inani mula sa mga sakahan;

*SAPAGKA'T* walang sapat na pondo ang pamahalang bayan upang makapagpagawa ng farm-to-market roads;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Joker Arroyo, Senador ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P5,000,000.00 para sa pagpapapagawa ng Farm-to-Market Road sa mga Barangay Bubukal, Labuin at San Juan na sakop ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Joker Arroyo, Senador ng Bansa, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

*PINATUTUNAYAN* kong lumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
KGG ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
KGG INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

8/27/02